


Aksyon para sa
kinabukasan ng mga bata
2025


— Bersyon para sa Junior
at Senior High School —



Aksyon para sa
kinabukasan ng mga bata

2025

— Bersyon para sa Junior at
Senior High School —



Tungo sa Komunidad na Children First

Nais ng Tokyo Metropolitan Government na lumikha ng komunidad na puno ng ngiti ng mga bata

- Kung saan mahusay na lalaki ang mga bata bilang sarili nila
- Pinahahalagahan ng buong komunidad ang mga bata
- Mapapalaki ang mga bata nang kampante ang damdamin


Pinahahalagahan natin ang opinyon ng mga bata dahil sila ang bida

- Naririnig namin ang mga komento sa mga lugar na malalapit sa mga bata
- Gumagamit kami ng SNS upang kolektahin ang opinyon ng mga mag-aaral na junior at senior high school
- Nagsasagawa ang aming mga kinuhang monitoring staff ng online survey tungkol sa mga isinasagawa ng Tokyo Metropolitan Government
- Pumupunta ang mga empleyado ng Tokyo Metropolitan Government sa mga junior at senior high school upang magturo ng mga tema na tungkol sa mga polisiya para sa mga bata



Kilalanin natin ang Batayang Ordinansa ng Tokyo Metropolitan Government Para Sa Mga Bata

Ang mga bata ay kasapi ng komunidad. Maraming Karapatan ang mga bata. Ang Pangkalahatang Ordinansa ng Tokyo Metropolitan Government Para Sa Mga Bata ay itinatag upang pahalagahan ang mga karapatan ng mga bata upang ang lahat ay makapamuhay nang maligaya.



- Ang mga bata ay napakahalaga. Sila ang bida pagdating sa kanilang karapatan
- Pinakamahalaga ang kaligayahan ng mga bata
- Bibigyan ng halaga ang opinyon ng mga bata

I-access dito!



Simposyum ng mga bata

Gumagawa din kami ng mga pagkakataon para sa mga bata na matuto tungkol sa ordinansa at makapagpalitan ng mga opinyon

Nagpalitan kami ng mga opinyon tungkol sa 'Lungsod na mapagkalinga sa mga bata.'



uugnay namin ang tinig at opinyon ng mga bata sa aming mga aksyon sa hinaharap

Proyekto sa pakikilahok ng mga mag-aaral na junior at senior high school sa pagpapasya ng patakaran

Pinag-usapan ng mga mag-aaral na junior at senior high school ang 'pagpapayaman ng mga aktwal na karanasan na makakatulong sa hinaharap,' at iminungkahi nila sa gobernador ang paglikha ng sistema para sa karanasan sa trabaho.



Iminungkahi sa Gobernador



Nagkaroon ng diskusyon sa loob ng halos anim na buwan

Ano ang mga isyu sa karanasan sa trabaho na nakita ng mga mag-aaral na junior at senior high school?



Hindi sapat ang mga oportunidad para sa karanasan sa trabaho para sa mga mag-aaral na junior at senior high school

Puro pagmamasid lang at hindi makatotohanan

Nagkalat ang impormasyon

Gusto naming gumawa ng isang komprehensibong website para sa karanasan sa trabaho na may malawak na pagpipilian at nagbibigay ng tunay na karanasan sa trabaho.


Iuugnay ang nilalaman ng mungkahi sa badyet ng Tokyo Metropolitan Government upang magpatuloy sa mga susunod na aksyon.

Sinusuportahan namin ang karanasan sa trabaho ng mga mag-aaral na junior at senior high school

Lilikha kami ng isang website na mag-uugnay sa mga mag-aaral na junior at senior high school na nagnanais ng karanasan sa trabaho at sa mga kumpanya o organisasyon, na tatawaging 'Platform ng Karanasan sa Trabaho (pansamantalang pangalan)'

[Pagbuo ng Website na 'Platform ng Karanasan sa Trabaho (pansamantalang pangalan)']

Mga mag-aaral na junior at senior high school
Pananaliksik sa kumpanya at aplikasyon



Matching

Karanasan sa trabaho, pagpapakilala ng mga kumpanya ng mga reporter na mga mag-aaral na junior at senior high school, at iba pa

Kumpanya at organisasyon
Mga programa para sa karanasan, at iba pa



Bukod sa programang ito, ang tinig ng mga bata na aming napakinggan sa iba't ibang sitwasyon ay gagawin naming batayan para sa mga susunod naming aksyon.

Sitwasyon sa on-site class
(Oshima Town Oshima Daiichi Junior High School)



Sana magkaroon ng event na hindi ko pa nararanasan

Upang mas madaling makapagpakonsulta, gagamit kami ng AI para sa pamamahala ng sitwasyon ng konsultasyon

Lilikha kami ng mga pagkakataon para ang lahat ay makasubok ng iba't ibang aktibidad na karanasan



Lilikha kami ng ligtas at maginhawang kapaligiran para sa chat na konsultasyon na gumagamit ng AI

Sitwasyon sa on-site class
(Tokyo Metropolitan College of Industrial Technology High School)

Paglikha ng isang Tokyo kung saan umaapaw ang ngiti ng mga bata

1 Sasamahan at susuportahan namin ang mga bata

Bukod sa paaralan at tahanan, daragdagan pa namin ang iba't ibang lugar na mapupuntahan



Umaga

Paglikha ng lugar para sa mga bata sa umaga



Tanghali

Free school at iba pa



After-school

After-school club, After-school Children's Classroom, at iba pa



2 Susuportahan namin ang henerasyong nagpapalaki ng bata

Susuportahan namin ang mga gastos na may kinalaman sa pagpapalaki ng bata

- Sa oras ng pagbubuntis at panganganak, magbibigay kami ng mga kagamitan sa pag-aalaga ng bata at mga serbisyong magpapadali sa pagpapalaki ng bata.
- Susuportahan namin ang bayad sa pangangalaga ng bata na kinakailangan para sa pagpasok sa nursery school.
- Susuportahan namin ang matrikula sa high school.



Susuportahan namin ang pagpapalaki ng bata gamit ang teknolohiya

- Sa pamamagitan ng mga smartphone app at iba pa, magbibigay kami ng impormasyon sa mga magulang na makakatulong sa pagpapalaki ng bata.



3

Susuportahan namin ang pag-aaral ng mga bata

Upang maipakita ang kanilang kakayahan sa darating na pandaigdigang lipunan

- Daragdagan namin ang mga pagkakataon para sa pakikipag-ugnayan sa mga paaralan sa ibang bansa at makabisita sa ibang bansa.
- Susuportahan namin ang pagpasok sa mga unibersidad sa ibang bansa.
- Pagyayamanin namin ang mga pagkakataon upang matutunan ang pinakabagong digital na teknolohiya.



4


Susuportahan namin ang ngiti ng mga bata sa kabuuan ng komunidad

Pahuhusayin namin ang damdamin ng 'isang komunidad na magpapahalaga sa mga bata'

- Magtatalaga kami ng mga taong aktibo sa lipunan bilang mga ambassador, at palalakasin namin ang diwa ng 'isang komunidad na magpapahalaga sa mga bata.'
- Kinikilala namin ang mga kumpanya at organisasyon na may mga natatanging programa para sa mga bata at mga pamilyang nagpapalaki ng bata.



Mga Ambassador ng Kids Smile Movement



Direktang kumonekta sa lahat gamit ang digital na teknolohiya

Patuloy naming susuportahan ang Gusto ko pang malaman!

Tokyo Metropolitan Government Children's Homepage

- Isinasama namin ang mga opinyon at ideya ng mga bata, at patuloy kaming nagba-version up.
- Sa 'Tokyo Children's Typing Race' at iba pa, maaaring matutunan ang mga kaakit-akit na bagay tungkol sa Tokyo habang nag-e-enjoy

Ito ang Homepage!



Malaking tagumpay!
[Tokyo Children's Typing Race]

Magtatayo rin ng bagong website para sa mga mag-aaral na junior at senior high school

Ganap na pagpapatatagbo sa Marso 2026

Pag-aaral na gumagamit ng AI



Pag-uugnay sa impormasyon ng pamahalaan ng lungsod at tanggapan ng konsultasyon



Pagpapakalat ng impormasyon mula sa sariling pananaw ng mga mag-aaral na junior at senior high school



Comforting Chat

Magkasama nating ayusin ang mga hindi maipaliwanag na pagkabahala na nararamdaman mo sa araw-araw.

* Paunang operasyon simula Enero 2025 (4 na linya)

Madaling kumonsulta gamit ang SNS at iba pa

Libreng Konsultasyon!




I-access dito!

「あのね…」で始まる相談チャット
ギュッとチャット
"Comforting Chat" Start



Ito ay isang konsultasyon na maaari mong kausapin nang hindi sinasabi ang iyong pangalan kapag mayroon kang problema o alalahanin. Hindi kailangang gumastos



Gyuppi

